

## Bakuna sa COVID-19 Katotohanan At Haka-haka

Ang COVID-19 pandemya ay nagdulot ng matinding karamdaman sa maraming tao na naninirahan sa lungsod ng New York. Mahigit sa 600,000 na tao ang nahawaan ng sakit na ito at higit sa 26,000 ang namatay. Ang ilan sa kanila ay mga pangkaraniwang taong katulad mo.

Ngayon na ang bakuna sa COVID-19 ay inaalok ng LIBRE sa lahat, nais ng **St. John's University** na makatiyak na makakatanggap ka ng tamang impormasyon upang makagawa ka ng tamang desisyon tungkol sa pagkuha ng bakuna. Ang sumusunod ay ilan sa mga haka-haka at katotohanan tungkol sa bakuna sa COVID-19:

**Haka-haka** Ang bakuna ay mayroong buhay na COVID-19 virus.

**Katotohanan:** Ang bakuna ay hindi naglalaman ng virus na COVID-19.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay magpapakita ng isang positibong resulta sa pagsusuri sa katawan.

**Katotohanan:** Kung ikaw ay nabakunahan ng COVID-19, maaari kang maging positibo sa ilang mga pagsusuri sa antibody na nagsisilbing proteksyon sa iyong katawan laban sa virus.

**Haka-haka:** Hindi ko na kailangang magsuot ng maskara o dumistansya sa ibang tao pagkatapos makuha ang bakuna sa COVID-19.

**Katotohanan:** Ang bakuna sa COVID-19 ay nakakatulong sa pag-iwas upang hindi ka magkasakit o mamatay sa virus. Mayroon ding pagkakataon na ikaw ay makahawa sa iba, kaya napakahalaga ang patuloy na pagsusuot ng maskara, dumistansya sa tao, at sundin and alituntunin ng kalusugan ng publiko.

**Haka-haka:** Mayroon akong sakit tulad ng diabetes, altapresyon, hika, at HIV. Ang bakuna sa COVID-19 ay magkakaroon ng masamang apekto sa aking immune system.

**Katotohanan:** Ang mga taong may malalang sakit ay mas higit na nangagailangan ng bakuna dahil sila ang mga nasa peligro na magkaroon ng matinding COVID-19 o di kaya'y mamatay. Ang bakuna ay makakatulong na mapalakas and iyong immune system at protektahan ka sa pagkakahawa ng sakit.

**Haka-haka:** Nagkaroon na ako ng COVID-19 kaya hindi ko na kailangan ng bakuna.

**Katotohanan:** Ang pagkakaroon ng immunity sa impeksyon ay maaaring hindi magtagal. Marami pang pag-aaral ang dapat gawin para mas maunawaan and natural na kaligtasan sa sakit. Mag pa bakuna!

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay makapipigil sa aking pagbubuntis.

**Katotohanan:** Malaki ang posibilidad na ang bakuna sa COVID-19 ay walang peligro sa pagbubuntis. Ito ay masusing pinag-aaralan ng mga siyentista para makatiyak na ikaw ay ligtas.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay nakasasama sa mga sanggol na sumususo.

**Katotohanan:** Ang bakuna sa COVID-19 ay hindi itinuturing na isang panganib sa mga sanggol na sumususo. Patuloy ang pagsubok ng mga siyentista upang makatiyak na ligtas ito.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay naglalaman ng mga itlog. Sa palagay ko, hindi ako dapat magpabakuna.

**Katotohanan:** Ang mga itlog at preservatives ay hindi ginamit upang bumuo o gumawa ng bakuna sa COVID-19.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay hindi ligtas sapagkat ito ay napakabilis na binuo.

**Katotohanan:** Ang kalubhaan ng pandemya sa pangkalusugan ng publiko ang nagbigay tugon sa emerhensiya, ngunit ang mga kumpanya ay kailangan pa ring duman sa mahigpit na protokol ng kaligtasan upang sila ay maaprubahan para magamit ng publiko.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay nagdudulot ng malubhang reaksiyon sa allergy.

**Katotohanan:** Karamihan sa mga tao na nakakuha ng bakuna sa COVID-19 ay nakakakuha ng banayad na mga sintomas (tulad ng sakit sa braso, pagkapagod, sakit ng ulo, at panginginginig) na karaniwan sa mga bakuha. Gayunpaman, ang mga taong nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa anumang bakuna ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor bago makuha ito.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay ginawa ng mga mayayaman para sa mga mayayaman.

**Katotohanan:** Isang average na 10% Blacks at 20% Latinos ang lumahok sa mga klinikal na pagsubok. Ang bakuna sa COVID-19 ay epektibo sa lahat ng magkakaibang lahi.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay nilikha bilang isang plano ng pagsasabwatan ng gobyerno upang "puksain" ang mga tao.

**Katotohanan:** Ang bakuna sa COVID-19 ay hindi nilikha bilang isang plano upang "puksain" ang isang pangkat ng tao o lahi. Ito ay nilikha upang protektahan ang mga tao mula sa virus.

**Haka-haka:** Ang bakuna sa COVID-19 ay may isang microchip para masubaybayan ang ating mga aksyon.

**Katotohanan:** Ang bakuna sa COVID-19 ay walang microchip. Hindi nito masusubaybayan ang iyong kinaroroonan. Ang bakuna ay may isang espesyal na protina upang maprotektahan ang ating mga katawan mula sa pagbuo ng sakit.

**Haka-haka:** Ang aking DNA ay magbabago kung ako ay mag papabakuna ng COVID-19.

**Katotohanan:** Ang iyong DNA ay itinatago sa nucleus ng mga cells ng iyong katawan. Ang bakuna sa COVID-19 ay naglalaman ng mRNA (protina) ngunit hindi ito pumapasok sa nucleus, samakatuwid hindi ito makakaapekto sa iyong DNA.

**Haka-haka:** Ako ay magkakaroon ng Bell's palsy pagkatapos kong magpabakuna ng COVID-19.

**Katotohanan:** Walang katibayan na ikaw ay may malaking pagkakataon na magkaroon ng Bell's palsy pagkatapos mag pabakuna ng COVID-19.

**Haka-haka:** Imigrante ako pero hindi ako sigurado kung makakakuha ako ng bakuna sa COVID-19.

**Katotohanan:** Ang bakuna sa COVID-19 ay makukuha ng libre ng lahat anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon.